



(Pambungad na Panalangin)

## I. ANG TATLONG PAGBASA

### UNANG PAGBASA (Gw 5:12-16)

<sup>12</sup>MARAMING kababalaghang ginawa ang mga apostol, na pawang nasaksihan ng mga tao. Nagtitipun-tipon sa Portiko ni Solomon ang lahat ng sumasampalataya. <sup>13</sup>Hindi nangahas na maki-sama sa kanila ang mga di sumasampalataya, gayunma'y puring-puri sila ng mga tao. <sup>14</sup>Subalit parami nang parami ang lalaki at babaing nananalig sa Panginoon. <sup>15</sup>Dinala sa mga lansangan ang mga maysakit at inilagay sa mga papag at mga higaan, upang pagdaan ni Pedro ay matamaan ng kanyang anino ang ilan man lamang sa

## Manalig!

kanila. <sup>16</sup>At dumating din ang maraming taong buhat sa mga bayang kanugnog ng Jerusalem, dala ang kanilang mga maysakit at mga pinahihirapan ng masasamang espiritu; at silang lahat ay pinagaling.

Tema: **Mga Tanda at Hiwaga / Kababalaghan**

### PAGPAPALIWANAG

- Inilalarawan ng teksto ang mga tagumpay ng sinaunang Simbahan na bunga ng Muling Pagkabuhay ni Hesukristo (*at ng pagpanaog ng Espiritu Santo noong Pentekostes*).
- Inilalahad ng b.12 na maraming mga tanda at himala, hindi lamang basta iilang tanda at himala bagkus madami (nangangahulugan na sadyang kahanga-hanga ang mga gawain ng Diyos, sa pamamagitan ng mga Apostol. May dating, nakabibilib)
- Binabanggit ng b.12 ang tagpuan: Solomon's Portico (sa isang bahagi ng templo).
- Binabanggit naman ng b.13 ang magandang katayuan ng mga Apostol dahil na rin sa kanilang mga mabubuting gawa. Mataas ang pagtingin ng mga tao sa mga Apostol.
- Inilalahad naman ng b.14 ang lumalaking bilang ng mga tagasunod at nananampalataya (hindi lamang maraming pagbabalik-loob bagkus napakaraming bilang.
- Maaari namang hindi kunin o intindihin ang b.15 sa literal na pamamaraan. Ipinakikita lamang ng

pagsasabi na ”madaan lamang sila ng anino ni Pedro” kung gaano kahusay si Pedro. Maaari rin itong pagmamalabis o eksaherasyon kung paanong napagagaling ang mga may sakit.

- Inuulit ng b.16 ang mga ideya na makikita sa b.14 at b.15 (napakaraming bilang at ang mga may karamdaman / inaalihan ng masamang espiritu).
- Bigyang pansin ang mga himalang ginawa ni Pedro. Ipinagpapatuloy ng mga himalang ito ang ministro ni Hesus ng pagpapagaling (at ng eksorsismo).

### **PAGNINILAY**

Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay ni Hesus, sa pamumuno ni Pedro, nagsimulang magmision ang mga Apostol. Sa pamamagitan nila, nakagagawa ng mga himala ang Diyos (mga tanda at hiwaga).

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 117)**

#### **BUTIHING POO’Y PURIHIN**

#### **PAG-IBIG N’YA’Y WALANG MALIW.**

### **IKALAWANG PAGBASA (Pag 1:9-11, 12-13, 17-19)**

<sup>9</sup>AKO’Y si Juan, ang inyong kapatid na kasama ninyo sa paghihirap, paghahari, at pagtitiis, dahil sa pakikipag-isa kay Hesus. Itinapon ako sa pulo ng Patmos sapagka’t ipinangaral ko ang salita ng Diyos at ang katotohanang inihayag ni Hesus. Noo’y araw ng Panginoon. <sup>10</sup>Kinasihan ako ng Espiritu, at **nari-nig** ko mula sa aking likuran ang isang malakas na tinig na parang tunog ng trompeta. Ang sabi: “Isulat mo ang iyong nakikita.”

<sup>12</sup>Lumingon ako upang tingnan ang nagsasalita, at nakakita ako ng pitong ilawang ginto. <sup>13</sup>Nakatayo sa gitna ng mga ito ang isang ani-mo’y lalaki, nakadamit nang abut-sakong, at may pamigkis na ginto sa kanyang dibdib.

<sup>17</sup>**Pagkakita** ko sa kanya, para akong patay na nalugmok sa paanan niya. Nguni’t ipinatong niya sa akin ang kanyang kanang kamay, at sinabi: “Huwag kang matakot! Ako ang Simula

at ang Wakas, <sup>18</sup>at ang Nabubuhay! Namatay ako nguni’t masdan mo, ako’y buhay ngayon at mananatiling buhay magpakailanman. Nasa ilalim ng kapangyarihan ko ang kamatayan at ang daigdig ng mga patay. <sup>19</sup>Kaya’t isulat mo ang iyong nakikita, ang nangyayari ngayon at ang mangyayari pa.”

**Tema: Ang Pagkakita kay Kristong Muling Nabuhay**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Makikitang hindi sunud-sunod ang teksto. Ang mga berso ay yaong mga pinili ng mga naatasang liturhista.
- Sa kabuuan, inilalarawan ng teksto ang karanasan ni Juan (maaaring hindi ang apostol) na isang nababagabag na tagasunod ng Buhay na Diyos. Si Juan na bukas at buong tatag na ipinahayag ang kanyang pananampalataya.
- Sa kanyang pagkakatapon sa Patmos (Gresya), narinig at nakita ni Juan ang Panginoon. Hinawakan siya ni Hesus gamit ang kanang kamay nito at ipinakilala ang kanyang sarili bilang ang Alpha at ang Omega, ang una at huling mga titik sa Alpabetong Griyego.
- Patay na noon, buhay na naman ngayon. Ang paghawak sa mga susi (Huling Hukom). Mahalaga sa bahaging ito ang pagbibigay atas kay Juan na sumulat.
- Dati, hinihilingan ang mga alagad na magbigay saksi at magpatotoo, para magbigay paghihilom, at iba pa... Kung sila ay may mga isinulat, ito ay dahil gusto nila at kusa nila itong ginawa.
- Sa pagkakataong ito, pinasusulat ng Diyos si Juan ng kung anu-ano ang mga nakita niya na noon (nakaraan), mga bagay na kasalukuyang nagaganap (kasalukuyan) at kung ano ang maaaring mangyari (hinaharap) (b.19).

### **PAGNINILAY**

Sa mga sandali ng pag-uusig, pagkakatapon (exile), pag-iisa’t, pagtatago, hindi nakalilimot magbigay ng takdang gawain ang buhay na Diyos

at Panginoon sa Kanyang tapat na alagad. Hiniling niya na ito ay magsulat, hindi lamang sa iisang pamayanan, bagkus sa pito.

### **MABUTING BALITA (Jn 20:19-31)**

<sup>19</sup>Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. <sup>20</sup>Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. <sup>21</sup>Sinabi na naman ni Jesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” <sup>22</sup>Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

<sup>24</sup>Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal, isa sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Jesus. <sup>25</sup>Kaya’t sinabi sa kanya ng ibang alagad, “Nakita namin ang Panginoon!” Sumagot si Tomas, “Hindi ako maniniwala hangga’t di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hangga’t hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran.”

<sup>26</sup>Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad; kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, nguni’t pumasok si Jesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, “Sumainyo ang kapayapaan!” <sup>27</sup>Saka sinabi kay Tomas, “Tingnan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang **mag-**

**alinlangan, maniwala ka na.”** <sup>28</sup>Sumagot si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” <sup>29</sup>Sinabi sa kanya ni Jesus, “**Naniniwala** ka na ba sapagka’t nakita mo ako? Mapapalad ang mga **naniniwala** kahit hindi nila ako nakita.”

<sup>30</sup>Marami pang kababalaghang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad, nguni’t hindi natatala sa aklat na ito. <sup>31</sup>Ang mga natala rito’y sinulat upang **sumampalataya** kayong si Jesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

Tema: **Pananalig**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Sa tekstong ito, marapat nating makita kung paanong nagbabago ang mga bagay sa pagpapakita ni Hesus na Muling Nabuhay. Sa bb.19-21, nagbabago ang disposisyon ng mga alagad mula sa takot patungong kaligayahan. (Natatakot sila... Sila’y nagalak...) Sa b.21, inuulit ni Hesus ang kanyang pagbati ng kapayapaan at ipinadadala niya ang Espiritu Santo (b.22) upang patawarin o panatilihin ang mga kasalanan. Dito, buhat sa pagiging malayo (pagtatago) patungo sa personal na pakikipamayan sa mga taong tumatanggap ng kapatawaran buhat sa Diyos (misyon).
- Sa bb. 24-25, si Tomas ang unang nakatangap ng balita ng muling pagkabuhay at pagpapakita ngunit siya ay nagdududa, hindi siya naniniwala. Para sa kanya, hindi sapat ang makita lamang upang maniwala. Bagkus, kung mahahawakan niya si Hesus, doon siya maniniwala. Maraming kundisyon.
- Sa b. 26-27, dito muling nagpakita si Hesus sa mga alagad lalo’t higit para kay Tomas. Alam niya ang mga pangangailangan at kondisyon nito.
- Nagpakita siya sa halos parehong tagpo at pamamaraan (nakapinid ang pintuan, nagpakita, bumati ng kapayapaan).
- Nakatuon ang pansin ni Hesus kay Tomas at hinikayat niyang magbago ito ng pananaw buhat sa pagdududa tungo sa pananampalataya.

kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan.”

Tema: **Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus**

### **PAGPAPALIWANAG AT PAGNINILAY**

- Si Pedro ay matapang sa kanyang pangangaral (*kerygma*) kung ano ang tunay na nangyari kay Hesus.
- Naging tuon ng kanyang pangangaral ang pagkatao ni Hesus (pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay). Unang inilad ni Pedro ang pagbibinyag kay Hesus, bilang simula ng kanyang pangangaral sa Galilea hanggang siya ay magtungo sa Herusalem, kung saan siya hinatulan ng kamatayan ngunit muling nabuhay makalipas ang tatlong araw.
- Ang mga pahayag at pangaral na ating naririnig ay kadalasang tumutukoy sa moralidad, at iba pa. At hindi na iniukol sa mga pangyayari sa buhay ni Kristo. Maraming taga-pangaral na nagpapatawa lamang kaysa ituro kung sino si Hesus. At kadalasan, ang mga taga-pakinig ay mas gusto pang may halong katatawanan ang mga aral na ipinahahayag.
- Dapat bigyang importansya ng mga taga-pakinig ang mga pagninilay na ibinabahagi ng mangangaral dahil ito ay maaring makatulong sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Ang mga aral at katuruan na ipinahahayag sa atin ay dapat na maglapit sa atin kay Hesus at maging katulad niya sa lahat ng bagay.
- Pakiramdam ng mga naunang disipulo ni Hesus na nasaksihan nila ang lahat ng mga pangyayari sa Kanya (mula sa pagbibinyag, pagkamatay hanggang sa muling pagkabuhay).
- Nabatid ng mga disipulo ni Hesus na kailangan nilang magpahayag at mangaral tungkol kay Kristo, taglay ang pag-asa na ang mga mananampalataya ay pagkakalooban ng kapatawaran, bagong buhay at buhay na walang hanggan.
- Hindi naging saksi ang mga disipulo ni Kristo upang magbigay saya o magpatawa para sa pansariling kapakanan.
- Taglay nila ang hangarin ni Kristong muling nabuhay.
- Ang pangangaral ay hindi biro. Ang pagiging saksi

sa muling pagkabuhay ni Kristo ay dapat maghatid ng kapatawaran (espiritual na kagalingan) at pagbabago.

- Ang mga pinahintulutang mangaral (inordinang diakono at mangangaral) ay dapat na maging instrumento ng pagbabalik-loob sa Diyos, kapatawaran at pag-asa sa tuwing sila’y mangangaral.

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 117)**

**ARAW NGAYON NG MAYKAPAL,  
MAGALAK TAYO’T MAGDIWANG.**

### **IKALAWANG PAGBASA (1Cor. 5: 6b-8)**

“Hindi ba ninyo alam ang kasabihang, “Napaaalsa ng kaunting lebadura ang buong masa”? <sup>7</sup>Alisin ninyo ang lumang lebadura, ang kasalanan, upang kayo’y maging malinis. Sa gayon, matutulad kayo sa isang bagong masa na walang lebadura—at ganyan nga kayo. Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskuwa—**si Kristo**. <sup>8</sup>Kaya’t ipagdiwang natin ang Paskuwa, ngunit hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang lebadura ng kasamaan at kahalayan, kundi sa pamamagitan ng tinapay na walang lebadura, sagisag ng kalinisan at katapatan.

Tema: **Korderong Pampaskuwa: si Kristo**

### **PAGPAPALIWANAG**

Ang lebadura ay simbolo ng isang bagay o pangyayaring nagbigay ng pagbabago ngunit sa simula pa ay hindi kasama sa orihinal na sangkap. Kaya ang kasalanan o ang kasamaan ang tinutukoy nito kasi hindi tayo nilikha na may kasalanan o masama. Lalo na ang tao, sabi ng Diyos, sa bansang mabuti.

Kaya sa ating paghati ng tinapay na walang lebadura sa ating liturhiya, ipinagdiriwang natin ang pagkatalo ng kasalanan at kamatayan pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.